

# Ang Panitikan sa Panahon ng AIDub\*

Soledad S. Reyes

Mula sa pagiging isang bahagi lamang ng kalyeseryeng pinamagatang “Juan for All, All for Juan,” sa programang “Eat Bulaga,” naging isang penomenal na tagumpay ang tambalang AIDub hindi lamang sa telebisyon kundi maging sa buhay na kultural ng mga Filipino. Mula sa tatlong milyong nanonood noong Agosto 2015, pumalo ang “Eat Bulaga” ng 7.3 milyong manonood sa kasagsagan nito hanggang nuong Oktubre 24, 2015 nang upahan ang Philippine Arena para sa pagtatanghal ng #SaTamangPanahon na dinayo ng libu-libong tao.

Matagal na sa ere ang “Eat Bulaga” (mula pa nuong 1979) at sa kasaysayan nito, nagpakita na ito ng kakaibang enerhiya at atraksiyon sa mga tao, sa pamamagitan ng pag-imbento ng iba’t ibang uri ng palabas at palaro na lubhang kinagiliwan ng publikong nanatiling matapat sa Channel 7 at sa “Dabarkads” na pinangungunahan nina Tito at Vic Sotto at Joey de Leon. Sila ang mga komedyante na sagisag ng uri ng komedya sa bansa—magaspang, maanghang, magaslaw, at bulgar. Nakakasakit ang pagpapatawa nila sa panlalait sa mga pisikal na kaanyuan ng mga sumasali sa mga patimpalak, sa kawalan nito nila ng respeto sa mga kababaihan. Karaniwan sa programa nila ang paggamit ng “toilet humor” na sinasakyan ng publiko. Sa programa nila makikita ang impluwensiya ng elemento ng

\* Panayam na binasa sa ika-8 edisyon ng Paz Latorema Memorial Lecture, 26 Abril 2016, AMV-College of Accountancy Hall, Unibersidad ng Santo Tomas.

bodabil, stage shows, komedyang pisikal, na unang naitanghal sa mga palasak na anyo ng dula ng nakalipas na panahon.

Sa kasalukuyan, dahil sa tagumpay ng AlDub, milyonaryo na sina Alden Richards at Maine Mendoza, ang bumubuo sa tambalan, at maging sina Jose Manalo at Wally Bayola, na bagamat nasabit sa mga iskandalo, ay naambunan ng tagumpay ng programa. Patuloy nilang ginatasan ang programa na makikita sa malaking bilang ng *endorsements* at komersyal na kanilang ginagawa, sa pagiging pabalat at laman nila sa mga magasing para sa mga nakaririwasa, sa pagtatanghal nila (lalo na ni Richards) sa Estados Unidos, sa Canada, at Gitnang Silangan, sa pelikula (*My Bebe Love* noong Disyembre 2015 kaugnay ng Metro Manila Film Festival) na kumita ng daang milyon, at sa patuloy na paglabas nila sa telebisyon.

Subalit kung ihahambing ang popularidad ng AlDub noong kasagsagan ng tagumpay nito at sa kasalukuyan (Abril 2016), may pagkakaiba na. Hindi na gaanong mainit ang pagtanggap sa programa—wala nang gaanong nagsisipagtawanan, nagsisipagtilian at nakikiliti sa paglabas nila sa telebisyon. Wala nang gaanong interes sa mga komplikasyon at mga tauhang patuloy na nililikha ng mga *scriptwriters* para hindi mawalan ng interes sa tambalan. Wala na ang “kilig” na humatak sa milyon upang subaybayan ang makulay na kabanata sa buhay ni Yaya Dub at Alden, kahit na isali sina Ai-Ai Delas Alas (bilang matapobreng lola ni Alden Richards) o Eddie Garcia (bilang dating kasintahan ni Lola Nidora) o paigtingin ang romansa sa pagpasok ni Cindy (ginampanan ng modelong taga-Rusya) o sa kasalukuyan, sa katauhan ng guwapong si Jake Ejercito na anak ni Joseph Estrada.

Sa ganitong konteksto, ano ba ang layunin ng panayam na ito?

Layunin ng papel na ito na itapat ang penomenon ng AlDub sa konteksto ng kasaysayan ng panitikan at kulturang popular sa Pilipinas. Walang nabubuonng penomenon kung walang mga tradisyong pinaghugutan nito, intensiyunal man o hindi, mula sa iba pang mga artipak na kultural na sumagot sa pangangailangan ng publiko sa loob ng ilang siglo.

Mula sa kontekstuwalisasyon kung saan ang AlDub ay patutunayang produkto ng kasalukuyan at ng nakaraan, huhugot ang papel ng ilang kongklusyon tungkol sa direksiyong maaring sundan sa pagpapaunlad sa panitikan sa bansa hindi lamang bilang bukal ng aliw/ligaya/tawanan

kundi instrumento upang hikayatin ang mambabasa na pag-ukulan ng pansin ang panitikan bilang behikulo tungo sa higit na malalim na pag-unawa sa buhay.

## **Ang Impluwensiya ng Makabagong Teknolohiya**

### *Ang Dubsplash*

Hindi mapasusubalian na ang popularidad ng AIDub ay nag-uugat sa uri ng palabas/libangan na dala ng mga kamangha-manghang pagbabago sa teknolohiya katulad ng Dubsplash app. Halimbawa, unang nakilala si Maine Mendoza sa Internet dahil sa kaniyang nakatutuwa at eksaheradong paggaya sa mga kilos at pag-asta ng mga tanyag na artista tulad ni Kris Aquino. Bukod dito, kinatuwaan siya sa kaniyang pagtugtog ng iba't ibang instrumento habang naglilipsync, kasabay ng pagpapakita ng iba't ibang emosyon, sang-ayon sa liriko ng mga tugtugin.

Ang ganitong penomenon na biswal at awditori ay hindi *mainstream*, subalit kinagigiliwan ng marami, lalo na ng kabataan, at isang paraan upang makilala o gumawa ng koneksiyon sa mga mahilig sa ganitong uri ng programa sa Internet. At ito ay maaring magkaroon ng espasyo sa kamalayan, salamat sa popularidad ng Internet kung saan ang mga di-kilalang indibiduwal, may angking galing man o wala, ay maaaring makipagpaligsahan sa mga higit na tanyag na tao na suportado ng malalaking institusyon sa musika, pelikula o telebisyon.

### *Ang Tradisyon ng Mime o Mimicry*

Malaon nang tradisyon sa pagpapalabas ang *mime* sa Kanluran, kung saan ang isang aktor ay nagiging bahagi ng kuwento na walang salitang binibigkas. Sa mga ekspresiyon lamang ng kaniyang mukha at katawan mababasa ang kahulugan ng mga pangyayari. Sa Pransiya, si Marcel Merceau ang mahusay na artista ng *mimicry*. Subalit bago pa siya naging popular, palasak na ang mga palabas na nilalabasan ng mga payaso sa Kanluran, na naging impluwensiya sa mga pelikula sa *silent era* kung saan ang mga aktor tulad nina Charlie Chaplin, Buster Keaton, Greta Garbo, John Gilbert, halimbawa na, ay umantig ng damdamin ng milyon-milyon sa husay ng paggamit nila ng kanilang mukha at katawan sa pag-arte at pagbibigay-buhay sa mga kuwento ng katatawanan o trahedyang.

Idagdag na natin sa grupong ito ang tanyag na si Rowan Atkinson na higit na kilala bilang Mr. Bean, na naging tanyag sa telebisyon at pelikula dahil sa kanyang di-matatawarang mala-gomang kakayahan sa paglikha ng emosyon sa pagtaas ng kilay, sa pagpapalaki ng butas ng ilong, sa pagngiwi ng bibig, sa pag-ismid, sa ngiting nakakaloko, at iba pang kumbensiyon ng komedyang.

### *Ilan Pang Inobasyon*

Sa paglawak ng impluwensiya ng teknolohiya, sa pelikula at telebisyon, malaki ang ambag ng paggamit ng *digital computer* halimbawa na, sa paggamit ng slow movement, o pagpapabilis ng aksiyon, o pagpapalaki o pagpapaliit ng mga imahen, ang *zoom in* o *zoom out*, nakahihilong 3D kung saan ang manonood ay mistulang kasama sa eksena ng *Star Wars*, o *Batman*, o *Jurassic Park*. Ang isa pang *device* ang paggamit ng *split screen* kung saan sabay na napapanood ang dalawang aksyon o higit pa na nagaganap sa magkaibang lugar. Winawasak ng ganitong mga kombensiyon ang kinamahasnan nang kombensiyon sa panood ng pelikula o telebisyon.

### *Ang Video*

Ang lubhang mabilis na pagpapalit ng eksena o ang nakamamanghang pag-alis o paglitaw ng mga karakter, kaalinsabay ang musika at kanta, at paiba-ibang eksena na waring nagaganap sa isang panaginip o pangitain nina Michael Jackson, Miley Cyrus, Beyoncé, Katy Perry, o Taylor Swift, o Sarah Geronimo, halimbawa na, ay karakteristiko ng popular na video na kinalolokohan ng milyun-milyong tao.

Sa mga maiikling video na ito, nakapaghahabi ng isang naratibo (na kung minsan ay tila alang kahulugan) na lubhang kaakit-akit sa paningin at sa pandinig, ipinalalabas o ipinagbibli bilang bahagi ng kampanya sa paglulunsad ng isang bagong awitin o pelikula. Isa itong mahalagang penomenon sa kultura sa Pilipinas at lalo na sa ibang bansa, at emblematico sa nagbabagong pananaw tungkol sa “realidad” at “sining.”

### *“Reality TV”*

Isa pang kumbensiyon sa makabagong telebisyon ang “*reality shows*” kung saan pinalalabas na ang napapanood sa telebisyon

ay mismong realidad na nararanasan sa tunay na buhay, walang pagtatangkang pinuhin ito; ang realidad ay hilaw na matatambad sa screens. Ito ang tesis ng serye ng *Survivor*, *Teen Mom*, *American Idol*, *The Voice*, *Keeping Up with the Kardashians*, *The Real Housewives of Beverly Hills*, *The Bachelor*, at iba pang programa. Kung baga, kapag nanood tayo, waring nagaganap ang aksiyon sa *real time*, hindi dinoktor, walang *script*, at walang interbensiyon o pakikialam ang *production staff*.

Kung kayat, sa ating panoond, tuloy-tuloy ang pag-agos ng mga naratibo sa kuwentong ating nasasaksihan, na diretsahang dumadaloy sa harap natin. Salat sa katotohanan ang paniniwalang naturan sapagkat ang lahat ng *reality shows* ay mga *artifacts* kung saan ang hilaw na material ay inaayos, ang mga insidente ay pinagkakasunod-sunod, ang kilos at reaksiyon ng mga tauhan ay pinag-aralan, ginagamitan ng musika; sa madaling salita, nasa ilalim ng kontrol ng mga indibiduwal sa likod ng programa. Ginagawa ang lahat ng nabanggit dahil gustong ibenta ang programa para pagtubuan.

## **Mga Ugat sa Tradisyon: Mula sa Panitikan Hanggang Kulturang Popular**

Na mahigpit ang ugnayan ng nakaraan at kasalukuyan ay tesis na dapat na ulit-ulitin sa panayam na ito. Sa bahaging ito, ipakikita ko ang nag posibleng impluwensiya na nabuo sa nakaraan at patuloy na pinayayaman at pinayayabong ng kasalukuyang kaganapan sa kultura at lipunan.

### *Mga Anyong Pampanitikan at Kultural*

Mahaba at komplikado ang linya na nag-ugnay sa iba't ibang anyong pampanitikan, mula sa mga epiko, alamat, awit at korido na nalikha at nalinang sa ispesikong komunidad ng bansa. Subalit sa panayam na ito, nais kong limitahin ang talakayan sa mga sumusunod na anyo: ang mga dula sa unang hati ng ika-20 dantaon—ang sinakulo, ang komedya, ang sarsuela, ang dula, ang bodabil, ang nobela, ang pelikula, ang soap opera, ang komiks, ang telebisyon, at ang teleserye.

Pampubliko't hindi para lamang sa iilan ang nabanggit na anyong kultural. Sa madaling salita, tinangkilik at naging bahagi ng kamalayang popular ang mga nabanggit na anyong popular sa loob hindi lamang ng ilang dekada kundi ng ilang dantaon, mula pa sa panahon ng mga Kastila.

Sa gayon, hindi sapilitang maihihiwalay ang proseso ng paglikha at pagkonsumo sa komunidad kung saang nagmula ang teksto.

1. *Sinakulo*. Galing sa pasyon ang sinakulo, dulang itinatanghal sa mga plasa at pinaikot sa buhay at kamatayan ni Kristo. Sa kasalukuyan, may mangilian-ngilan pang pagtatanghal ng sinakulo, subalit nanatiling buhay ang pasyon sa ritwal ng Simbahang Katoliko tuwing Mahal na Araw at maging sa kinaugaliang pabasa.

Sa panahon ng aktibismo nuong ikapito at ikawalong dekada, pinalawak ang kahulugan ng pasyon sa konteksto ng paghihirap ng Pilipinas at sa pangako ng tunay na kalayaan laban sa mga pasista, imperyalista, at pangkalahatang pang-aapi. Sa mga kalye itinanghal ang sekular na pasyon—sa mga kalye sa Tundo, sa harapan ng mga gusaling sagisag ng pagkakanulo, sa mga demonstrasyon.

Nanatili ang mensahe. Ang nagbago ay mga tauhan ng kanilang sinasagsag sa drama.

2. *Komedyang moro-moro*. Ang anyong ito ay naka-ugat sa mga popular na awit sa panahon ng Kastila, na itinanghal sa maraming bayan ng bansa. Ilan sa mga popular na akda ang *Florante at Laura* (1838), *Prinsipe Baldovino*, *Bernardo Carpio*, *Doce Pares ng Pransiya*, *Ibong Adarna*—makukulay na kuwento ng pakikipagsapalaran at pag-ibig, na nagtatampok sa mga prinsesa at prinsipe, hari at reyna at matitikas na tauhan, sa isang banda, at mga karaniwang mamamayan sa kaharian tulad ng mg sundalo at ng pusoy o tauhang nagpapatawa, sintu-sinto, alalay ng maharlika, sa kabilang dako.

Mula sa komedyang nakahugot ng ilang kumbensiyon—maling pag-aakala, walang katapusang habulan, mga kasayahan, matinding enerhiya dahil sa aksiyon ng mga tauhan, lalo na ng pusoy, na kung minsan ay oportunistang at tuso, kadalasan ay utusan na palaging nasa tabi ng bida. Sa komedyang rin makikita ang kombensiyon ng masayang wakas, na nangangahulugang sa wakas ng katakot-takot na panganib at pakikipagsapalaran, makakamtan ng prinsipe ang kamay ng prinsesa o matatagpuan ng mabuting anak ang gamot na magpapagaling sa maysakit niyang ama na isang hari.

3. *Sarsuela*. Ang sarsuela ay nagiging popular sa unang mga dekada ng ika-20 siglo sa kamay ng mga dramatistang tulad nina Juan

Abad, Aurelio Tolentino, Severino Reyes, at iba pa. Sa unang yugto ng kasaysayan ng sarsuela, politikal ang layunin ng dula—upang ilarawan ang kahambal-hambal na kalagayan ng Pilipinas sa panahon ng Kastila at sa unang dekada ng panahon ng mga Aerikano. Sa pagdaraan ng taon, ipinako ng mga sarsuela ang tuon sa nagbabagong realidad ng bansa tulad ng makikita sa *Dalagang Bukid* (1919) nina Hermogenes Ilagan at Leon Ignacio at *Ang Kiri* (1926) ni Servando de los Angeles at Leon Ignacio.

Sa ganitong dula makikita ang paggamit ng mga awit sa paglalahad ng naratibo; mahalagang sangkap, at hindi lamang insidental, ang musika at awit sa pagbuo ng dula. Maihahalintulad ang sarsuela sa opera sa Europa, sa *three penny musicals* sa Inglatera, at sa kasalukuyan, sa Broadway at West End *musical plays* tulad ng *Les Miserables*, *The Sound of Music*, o *Phantom of the Opera*.

4. *Bodabil*. Ang bodabil ay isa pang uri ng dula na kahawig ng *vaudeville* na naging popular din sa Kanluran, at sa Pilipinas ay naging tanyag na palabas hindi lamang sa Grand Opera House o Clover Theatre. Pangkaraniwang tanawin ang mga naturag palabas sa mga piyesta sa iba't ibang bayan. Karamihan sa mga popular na komedyante at artista sa bodabil ay naging popular sa pelikula at telebisyon. Ilan sa kanila sina Diana Toy, Pugo at Togo, Katy de la Cruz, Bayani Casimiro, Canuplin, Pilita Corrales, Bobby Gonzales, Lupito at Chichay, Eiiizabeth Ramsey, Dolphy at Panchito, Apeng Daldal, Chuchi at Matimtiman Cruz, Ading Fernando, Reycard Duet, German Moreno, at daan pang batikang artista na karamihan ay yumao na.

Dito makikita ang samu't saring uri ng palabas—kantahan, sayawan, maikling *skit*, awayan o gulangan, mga taong kumakain ng apoy, mga kombensiyon sa isang sirko, walang humpay na pagpapatawa na kung minsan ay may pagkabastos—tunay na isang makulay na espektakulo (*spectacle*) na isang nakaaliw na palabas. Dinala nina German Moreno, Dolphy at Panchito, halimbawa na, ang mga kombensiyong naturan sa paglipat nila sa pelikula at telebisyon. Modelo si Dolphy ng pagpapatawa nina Tito, Vic at Joey.

5. *Pelikula*. Ang pelikula ay isang makapangyarihang institusyon na humango ng maraming kombensiyon—sa pag-arte, sa pagbuo ng naratibo, sa dami't uri ng tauhan, sa pagkiling sa paggamit ng sigalot na natatapos sa isang maligayang wakas.

Isang elementong panghatak ng mg pelikula ang tinawatag na *love teams*, mula kina Rogelio de la Rosa at Carmen Rosales, Gloria Romero at Luis Gonalez, Nida Blanca at Nestor de Villa, Nora Aunor at Tirso Cruz III, Sharon Cuneta at Gabby Concepcion, at sa kasalukuyan, sina JaDine at KathNiel, at iba pang tambalan.

Sa kasaysayan ng pelikula, karaniwang iniidolo ang mga artistang mestisuhin o mestisahin tulad nina Rogelio de la Rosa, Ric Rodrigo, James Reid. Subalit sa ilang pagkakataon, katulad ng halimbawa ni Lolita Rodriguez at Nora Aunor, o Joseph Estrada o Lito Lapid, nagiging popular din ang mga mukhang “indio.”

Isa pa sa pinakapopular na tauhan ang lalaking alanganin, o ang bakla, na naunang namalas ng publiko sa mga pelikula ni Dolphy noong ikalawang hati ng ika-20 siglo. Sa *Jack En Jill*, *Fefita Fofonggay*, *Silveria*, *Ang Tatay kong Nanay*, at marami pang ibang pelikula, nabuo ang representasyon ng isang alanganin—inaapi, pinagtatawanan, subalit may ginintuang puso. At sa ilang pelikula, nakatatagpo siya ng babaeng iibig sa kanya.

Sinundan ang yapak ni Dolphy ng mga artistang tulad ni Herbert Bautista, Roderick Paulate, Vic Sotto at Joey de Leon, Eppie Quizon at marami pang iba.

6. *Nobela*. Ang nobela na naging popular sa panahon ng Amerikano at namayagpag pa ilang dekada pagkalipas ng digmaan, ay higit pang nagpalawak ng kapangyarihan ng kulturang popular na impluwensiyahan ang pananaw ng tao tungkol sa buhay. Isang mayamang larangan ng tema at tauhan ang nobela, na ang isang aspekto ay kinuha sa naunang mga anyo tulad ng awit at korido. Nandiriyan ang mga matitimyas na kuwento ng pag-ibig sa pagitan ng isang binata at dalaga, ang tagisan ng mga klase (mahirap laban sa mayaman), ang mga isyu sa pagitan ng magulang at anak, ang paghahanap ng kaligayahan, at iba pang paksa.

Mahalaga ring idiin na ang nobelan Tagalog ang pinagkunan ng marami sa mga pelikulang ginawa mula sa 1930s hanggang sa



1970s. Ilang akda nina Antonio Sempio, Teodoro Virrey, Gregorio Coching, Fausto Galauran, Liwayway Arceo at iba pa, ang ginawang pelikula. Karaniwang pinaikot ang mga nobela sa mga problemang pampamilya, na siya ring tinututukan sa mga soap opera.

7. *Telebisyon*. Ang telebisyon ang natural na ekstensiyon ng pelikula pagkalipas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang medium na humiram sa mga kombensiyon at mga tauhan ng pelikula, lalong lalo na sa mga naunang programa tulad ng *Tawag ng Tanghalan*, *Buhay Artista*, *Student Canteen* (timpalak sa pag-awit), *Kuwarta o Kahon*, *Kahapon Lamang*, at sa susunod na henerasyon ng programa, sa paglaki ng industriya sina Tito, Vic and Joey (komedyang), ang mga nobelang puno ng drama na binansagang teleserye (*Flor de Luna*, *Annaliza* at *Gulong ng Palad*), mga programang may mga patimpalak at premyo, kantahan, sayawan, at iba pang nakakaaliw na gimik.
8. *Soap Opera*. Ang *soap opera* na unang napakinggan sa DZRH noong 1950s ang batayan ng ilang teleserye, kung saan ang komplikadong naratibo ay pinuputol-putol sa iba't ibang kabanata (sa radio ay 15 minuto lamang subalit naging kalahating oras sa telebisyon at ngayon ay isang oras na), pinupuno ng mga makukulay na pangyayari at dinadagdagan o binabawasan ng tauhan, depende sa pangangailangan.

Ang orihinal na *soap opera* ay ang *Gulong ng Palad* ni Lina Flor na naglarawan ng mga karanasan ng isang pamilya. Kaya ang iba't ibang bersiyon ng *Gulong ng Palad* at ang mga programang sumunod sa yapak nito ay nagtutuon ng pansin sa mga ugnayang-pampamilya—ligawan, di-pagkakaunawaan, ang kalbaryo ng matiising asawa, ang buhay ng isang ampon o isang ulila sa kamay ng madrasta, ang paghihiwalay ng mag-asawa, ang pag-akyat ng tauhang api sa rurok ng tagumpay, at iba pang tema.

9. *Komiks*. Ang komiks, na naging popular sa ikalima hanggang sa ikawalong dekada, ang siya namang pinagkunan hindi lamang ng teleserye (*Bukas*, *Luluhod ang mga Tala*) kundi ng tinatawag na pantaserye, mga kuwento ng pakikipagsapalaran o mahiwagang tauhan tulad nina Darna, Dyesebel, Captain Barbell, o Ang Panday, mga karakter sa *Mga Kuwento ni Lola Basyang*, at sa

kasalukuyang interes ng Channel 7 sa ganitong uri ng programa na impluwensiya ng pantasya, ang pantaserye tulad ng *Encantadia*, halimbawa na.

### *Pangkalahatang Tema at Prinsipal na Uri ng Tauhan*

Mula sa naunang talakayan ng mga anyong pampanitikan at kultura, makakukuha ng ilang pangkalahatang temang hinabi at isinangkap kahit anupaman ang sitwasyon sa kuwento.

Una, ang malawakang tema ng pag-ibig sa iba't ibang manipestasyon nito. Bagamat mahalaga ang pag-ibig sa bayan na siyang tema ng maraming sarsuelang politikal at malaking bilang ng nobela, ang pinakapopular ay ang romantikong pag-ibig, o pag-ibig na ipinagkakait bunga ng ilang dahilan. Subalit sa pagdating ng tamang panahon, ito ay nagkakaroon ng katuparan na hahantong sa isang masayang wakas.

Karaniwang pinag-iikutan ng mga akda ang karanasan ng isang maganda, mabait at matulunging dalaga at ang pag-iibigan nila ng isang matikas, masunurin, at mapagkumbabang binata. Tinutukan ng akda ang matagal na paniningalang-pugad ng binata. Mga tauhan o pangyayaring magiging hadlang ang matapobre o mapanglait na magulang, isang binata o dalaga na umiibig din sa mga bida, isang matinding karamdaman, ang sapilitang pagkakalayo ng magsing-ibig, isang lihim na malaon nang nakabaon, ang di-pagkakaunawaan dala ng mga kasinungalingan, at iba pang dahilan.

Pangalawa, matatagpuan sa mga naunang anyo na ang masayang wakas ay magaganap pagkaraan ng maraming panganib, pag-aalangan, kaguluhan, at di-pagkakaunawaan, ligalig, parusa, at pagpapakasakit at sakripisyo ng mga tauhan. Makikita ito sa mga awit, sarsuela, nobela, pelikula, at *soap opera*. Kailangang maitatag muli ang orden o pangkalahatang kaayusan bago lumipas ang dilim, upang sundan ng liwanag. Isa itong tema na matatagpuan kahit na sa akdang relihiyoso, ang pasyon, kung saan nagkaroon ng Muling Pagkabuhay pagkatapos maranasan ni Kristo ang matinding sakit sa pakakapako at pagkabayubay sa krus.

Ang pangkalahatang kaayusan ay muling lalaganap sa pagsunod ng mga tauhan sa mga nobela, komiks at soap opera, halimbawa na, sa di-mababaling batas ng Diyos at kalikasan.

Pangatlo, matindi ang papel ng pamilya at komunidad sa paglalahad ng naratibo. Bihira ang mga akda na tumutuok doon lamang sa napakakipot na daigdig ng dalawang magsing-ibig. Sa mg akda, ang pag-ibig ay may dimensiyong pampubliko, hindi isang sakit na umaatake sa *psyche* ng tauhan na nagwawakas sa kaniyang pagiging baliw. Ang pag-iibigan ay isang personal na ugnayan na nakatapat sa iba pang mga gawi at kilos ng isang komunidad kung kayat ang iniisip ng mga tao—ang pagsang-ayon o pakikialam sa pag-ibig—ay mahalaga sa mga kuwento. Mahalaga ang iisipin o sasabihin ng mga kapit-bahay sa daigdig na pinamamayanihan hindi ng indibiduwalismo, kundi ng mga saloobin at paniniwala ng komunidad.

Pang-apat, malinaw sa mga nobela, dula, awit, teleserye, komiks kung ano ang masama at ano ang mabuti, kung sino ang tauhang maganda ang puso at ang tauhang may maitim na puso. Walang pag-aalangan o pag-aalinlangan sa mambabasa kung ano ang puti at ano ang itim. Ito ang simplistikong pananaw sa daigdig na pinatibay ng libu-libong akdang popular.

Bahagi ito ng tradisyon ng didaktisimo, ang pagtingin sa akda bilang bukal ng mga aral na magagamit sa buhay. Sa *Florante at Laura*, walang duda na mababait sina Florante at Laura na ginawa ng kasamaan ng taksil na si Adolfo; sa *Dyesebel*, mabait ang sirena samantalang ang kalaban niya ay masama; sa *Darna*, sagisag ng kabutihan si Darna samantalang si Valentina ay sagisag ng kasamaan. Mga batang inapi ng madrasta sina Annaliza at Flor de Luna at malinaw na dapat lamang parusahan ang sa kanila ay nang-api.

Hindi kaagad nabuo ang ganitong pagtanaw sa akda bilang bukal ng aral. Nakita na ito sa naunang mga epiko, maiiking tula, at sawikain bago pa dumating ang mga Kastila. Pinatindi ito sa panahon ng Kastila at makikita sa pasyon at mga awit at korido. Ang panitikan bilang instrumento ng pagpapalaya ay ipinamalas sa mga nobela ni Rizal at sa mga tula nina Andres Bonifacio at Marcelo H. del Pilar. Sa ika-20 siglo, higit pa itong pinagtibay sa iba't iang uri ng dula, sa mga nobela at kuwento, at maging sa komiks.

Sa madaling salita, sa daigdig na nilikha ng libu-libong akda mula sa nakaraan, at bahagi ng kamalayang popular, makakukuha ng aral o leksiyon sa buhay ang mambabasa o tagapakinig. Maaaring luma na itong paniniwala sa panahon ngayon ng relatibismo kundi man anarkiya at kawalan ng katiyakan, subalit dapat na idiin na ang mga akda ay hindi buhay o hilaw na realidad. Isa itong *construct* o *artefact*, isang interpretasyon ng realidad

na ginagawa ng may-akda, batay sa kaniyang kaalaman at kasanayan sa paglikha.

## Ang Daigdig ng AlDub, 2015-2016

Ano-ano ang mga dahilan sa tagumpay ng AlDub nuong 2015 hanggang ngayon?

Una, naisangkap ang naratibo ng AlDub sa isang popular na bahagi ng isang popular na programa na may mahabang kasaysayan ng pagdudulot ng aliw mula Aparri hanggang Jolo. Mayroon nang tiyak na publiko ang mga kabalbalan at pagpapatawa nina Tito, Vic at Joey, at mga kasamahan. Hindi naitaob ng anupamang palabas sa ibang istasyon ang matatag na posisyon ng *Eat Bulaga*, bagamat sa ilang panahon naungusan ito sa popularidad ng higit na batang komedyante tulad nina Willie Revillame at Vice Ganda.

Pangalawa, bago sa panlasa at paningin ang tambalan nina Maine Mendoza at Alden Richards. Hindi galing sa pabrika na gumagawa ng artista si Maine; isa siyang penomenon at produkto ng bagong teknolohiya—ang kaniyang dubsmash sa Internet. Bukod dito, natatangi siya sapagkat walang naririnig na tinig mula sa kaniya, puro himig lamang ng mga instrumentong pinatugtog niya, kasabay ang mala-*proteus* na pagpapalit ng eksaheradong ekspresiyon sa kaniyang mukha.

Hindi siya mukhang mestisa subalit hindi rin naman siya mukhang pobre at walang edukasyon; bahagi siya ng gitnang uri na naglakas-loob na magpakita ng kaniyang talino sa isang uri ng *mass media* na humihikayat ng indibiduwalismo, at naglaan ng espasyo sa pagsikat batay sa mga nanood at pagkahuli niya sa “kiliti” ng publiko.

Pangatlo, isang ideyal na kwento ng romantikong pag-ibig ang potensiyal ng tambalan. Sa AlDub, ang papel ng binata ay ginampanan ni Alden Richards, isang talent ng Channel 7, kilala na subalit hindi pa talagang star. Mestiso siya, makisig, at may *dimples* pa. Magaan ang dating niya sa mga tao, at malinis siyang tingnan, bukod pa nga sa siya ay galing sa isang may-kayang pamilya. Bagamat hindi kagandahan, may atraksiyon si Maine Mendoza, isang *fresh-faced* na personalidad na di kabilang sa mga dominanteng artista—tulad nina Anne Curtis, Janine Gutierrez, at Pauleen Luna—na pawang mga mestisa.

Pang-apat, ang ganitong kombinasyon ay isang resipe o pormula ng tagumpay at baryasyon ng romantikong pag-ibig na inilarawan na sa

milyun-milyong kuwento. Ito ang pag-iibigan na dinagdagan ng intriga sapagkat hindi nagsasalita si Yaya Dub na nakikipag-usap sa pamamagitan ng pagkanta at pagsulat sa papel. Nanatili ang misteryo ng dalaga. Sa pamamagitan ng lip sync, sang-ayon sa kolumnistang si Randy David, ang magkakahalong emosyon ng galit, tuwa, pagdaramdam, alinlangan, pagkainis, o kawalan ng pag-asa, halimbawa na, ay napalilitaw sa mukha ng artista (*Inquirer.net*). At sa pagsunod ng publiko sa istorya, napalalaya ang mga sinisikil na damdamin, isang uri ng *therapy*, na isang layunin ng panitikan at kulturang popular, sang-ayon na rin naman sa teorya ni Aristotle.

Hindi lamang ang hindi pagasalita ni Yaya Dub ang balakid; kasinghalaga ang radikal na pagkakaiba nila ng katayuan sa buhay. Sa loob ng ilang buwan, si Maine ay ipinakilala at pinagsuot bilang yaya, isang bayarang tauhan ng tatlong mayamang babae. Walang kapangyarihan, kahit na magsalita laban sa makapangyarihan at may kakayahang mag-utos at magtakda ng dapat niyang gawin sa pamamagitan ng salita. Ilang milyong babae ang makatatagpo sa ganitong katayuan ng sarili nilang repleksiyon sa buhay—pinatatahimik, walang kapangyarihan, sunud-sunuran sa isang ideolohiyang patriyarkal? Nakakatuwang sitwasyon ang mapapanood na kakikitaan ng ilang katotohanan tungkol sa pagiging babae sa lipunan.

Panglima, ang papel nina Lola Nidora, Tinidora at Tidora na sa tingin ko ay isang mahalagang dahilan sa tagumpay ng AlDub. Galing sila, lalo na sina Jose Manalo at Wally Bayola, sa tanghalan ng mga improbisasyon—kaunting direksiyon lamang, kung mayron man, at bahala na sila kung ano ang diyalogo nila, kung ano ang gagawin nila—di-pinaghandaaan, hinuhugot sa kanilang kaalaman bilang matagal nang komedyante. Ang husay nila ay hindi galing sa pormal na pagsasanay kundi sa sining ng pagmamatyag sa iba, sa paggaya, sa improbisasyon, sa angking *comedic instinct*.

Ang pagpapatawa nila ay batay sa mga pagkakamali, sa ilang sitwasyong puwedeng pagmulan ng katatawanan, sa pisikal na ginagawa nila—habulan, pagsasayaw, pagda-dubsmash, pag-akyat kung saan-saan, ang ugnayan nila sa mga bobong lalaking nakapaligid sa kanila. Higit sa lahat ang kani-kanilang kakatwang itsura—makukulay na wig, nakakaduling na mga alahas at pamaypay, mga damit na hindi mo mawari kung saan galing—ang husay nilang umarte kung saan inaantig nila ang damdamin ng milyong manononood—awa, galit, inggit, tuwa, pag-aagam-agam, lungkot at iba

pa. Sa kanila makikita kung gaano kayaman ang tradisyon ng *innovative comedy* na nakita na sa mga komedyang komiks (*Kenkoy*, *Kalabog en Bosyo*), bodabil (Dolphy at Panchito), at sa mga pelikula, radio, at telebisyon na nabuhay sa ganitong uri ng komedyang biseral, tulad ng *slapstick*, at hindi intelektuwal. Mabilis mag-isip, palaging handa, walang ensayo, humuhugot sa kasanayang nahasa sa ibang programa.

Pang-anim, ang papel ni Lola Nidora sa pagpapatuloy ng tradisyong didaktiko, lalo na sa unang ilang buwan, kung saan nagmumula sa kaniyang bibig ang mga aral na una nating natutuhan sa mga salawikain at sa mga tulang nangangaral nina Balagtas o Huseng Batute. Sa gitna ng gulo at masalimuot na sitwasyong pabago-bago, may isang di-matitinag na haligi na sumusuporta sa komunidad—ang serye ng mga aral tungkol sa pagmamahal, sa wastong paghihintay (sa tamang panahon), sa pangangailangang isipin ang iba bago ang sarili, sa paggalang sa mga nakatatanda, sa pagsagot sa mga pangangailangan ng komunidad, at higit sa lahat, ang busilak na pagmamahalan at mataas na pagpapahalaga sa kababaihan.

Kakaiba ito sa kung minsan ay mababang pagtingin sa ganitong uri ng pag-ibig na karaniwang wala sa mga *soap opera* at teleserye sa Channel 2 at Channel 7 na umiikot sa pangangaliwa, sa kawalan ng katapatan, sa mga problemang dala ng pagbubuntis ng isang dalaga o pakikiapid; o pananaw sa kababaihan na sa mga programang hawak ni Willie Revillame at maski nina Tito, Vic and Joey, at Vice Ganda, ay halos walang dangal, at nagbibilad ng katawan sa mga kasuotang nagpapakita ng maseselang bahagi ng katawan, sa mga malalawang pagsayaw, at sa wari'y pagpayag sa kanilang komodipikasyon!

Pampito, nagbigay ang AlDub ng katapat na daigdig kung saan ang kababaihan ay nilalait, pinagtatawanan, na makikita mismo sa *Eat Bulaga* o *Wowowee* o *Showtime*; kung saan mahahayap at bulgar ang mga biro at pagpapatawa; kung saan ang lahat ng probema ay nabibigyan ng dagliang solusyon sa pamamagitan ng premyong pera o *appliance*, o bagong bahay. Waring sinasabi sa AlDub na nandirito ang *ideal*—na dapat lamang na hanapin nating sa tunay na buhay, kahit sa gitna ng katatawanan at libangan, at kalaswaan.

Pangwalo, dinamiko ang *segment* dahil puno ng aksiyon at pabagong-bagong emosyon; parang sumasakay sa *rollercoaster* na bubulusok sa

lungkot at lilipad sa halakhak, aarangkada sa matitinding biruan at babagal sa mga rebelasyon kung sino ba si Yaya Dub, kung ano ba ang kuwento ng pag-ibig ni Lola Nidora, kung saan nagmula ang kayamanan nila, at iba pang elemento ng naratibo na nabigyan na ng daan-daang komplikasyon upang panatilihin ang interes ng publiko. Mula sa mga epiko, awit, nobela, pelikula at komiks mahuhugot ang walang katapusang pagdaragdag ng mga sitwasyon, kahit na walang lohiko sa likod ng mga sitwasyon.

Pangsiyam, sa mga tauhan sa AIDub matatagpuan ang bersiyon ng babaeng inapi, ng salbaheng madrasta, ng matapat na mangingibig, ng tauhang hindi babae at hindi lalaki. Sa tatlong lola makikita ang pagpapatuloy ng tradisyon ng binabae, kung saan bagamat katawa-tawa silang tauhan, hindi nilalait. Ang tatlong artistang lalaki (mga padre de pamilya sa tunay na buhay) na nagkukunwaring mga lola, at walang interes na maging lalaki uli sa drama, ay bahagi ng komplikadong istruktura ng kasarian. Sa kanilang mga papel, pinayaman ng tatlong komedyante ang tradisyon ng kabaklaan sa kulturang popular.

Pansampu, mahalagang idiin ang paggamit sa kalyeserye ng parodiya, ang pinag-isipang panggagagad sa isang tao, pangyayari, o bagay upang lumikha ng espasyon kung saan ang nanonood o nagbabasa ay saksi sa pagtatapat ng orihinal na tauhan o sitwasyon na sadyang ginawang katawa-tawa sa pamamagitan ng panggagaya. Halimbawa, ang kalseyerye ay panggagagad sa palasak na teleserye nang walang katapusang iyakan, dalamhati, at di-pagkakaunawaan. Komedyang, at hindi trahedyang, ang masusumpungan ng publiko sa serye.

Ang ilang tauhan tulad ni Ate Ging Ging ay panggagad sa tanyag na tauhan sa *Batibot*, samantalang si Gasgas ay isang katawa-tawang bersiyon ng police reporter na si Gus Abelgas. Ang tauhang si Frankie Arinoli ay batay sa tradisyonal na konsepto ng isang hambog na manliligaw, samantalang ang mga matapobreng lola ay patama o patutsada sa mga aroganteng donya sa pelikula at telebsiyon, tulad ng *character* ni Dely Atay-Atayan sa *John en Marsha*.

Panglabing-isa, ang oryentasyong “makamasa” at hindi elitista, na siya namang kinakatawan ng *Eat Bulaga*, ay pinatitindi pa sa paglulunsad ng serye bilang isang kalyeserye, mga pangyayaring nagaganap sa mga pook ng mahihirap—sa Tundo, Sampaloc, Malabon, Navotas, sa Caloocan—hindi sa mga mayayamang barangay sa siyudad ng Makati o San Juan, sa



loob ng *gated villages*. Kasama sa ispektakulo ang karaniwang tao—mga kapitbahay ng nagkapalad na mabunot ang pangalan para tumanggap ng sangkatutak na produkto, babae’t lalaking lubha ang tuwa na makikita ang mga sarili sa telebisyon, sumasali sa mga contest, nakikikanta sa mga hosts; sila ang mga maralitang nakukuha pang magsaya sa loob ng mga itinakdang minuto para sa *segment*.

Sa isang pananaw, ang kalyeserye ay makabagong “pasyon” na idinaraos sa mga kalye kung saan isinasabuhay ang aral ng pasyon—ang pagpasan ni Kristo ng krus tungo sa kaligtasan ng mundo. Ang kalyeseryeng ito sa sekular na daigdig ay isa ring paglalakbay, hindi ni Kristo, kundi ng haring mago, bitbit-bitbit ang mga kayamanang ipamamahagi sa masuwerteng ginang, isang maysakit na nagnanais lamang na umuwi sa Cebu, o sa anak na kinukulang ng pera sa pagpapagamot sa maysakit na magulang, o isang biyuda na ang tanging pangarap ay magkaron ng puhunan para magtayo ng maliit na tindahan.

Sa ganitong hindi gaanong maganda at mabangong kapaligiran, na madalas na naglalarawan ng madamdaming tagpo, sa ganitong tagpuan ng masisikip at mababahong kalye, ng mga sira-sirang bahay na tahanan ng mga taong nasa laylayan ng lipunan, na hindi nadadatan ng tulong ng pamahalaan, na sinusuyo ng mga politiko sa panahon lamang ng eleksiyon araw-araw, idinadaos ang isang selebrasyon ng buhay, sa tulong ng *Eat Bulaga*. Waring ang mensahe ay huwag kayong mangamba, huwag kayong patalo sa puwersa ng buhay sapagkat may pag-asa pa sa kinabukasan. Malay ninyo kung kayo ang papalarin sa susunod—mga pansamantalang solusyon sa talamak na kahirapan at kawalang-katarungan sa buhay.

Isa itong dagliang solusyon na pag-aalis ng mga artista at *staff* sa isang pook ay maglalahong parang bula, puwera ang mapalad na maralitang tagalunsod na tumanggap ng libu-libong salapi, masasarap na pagkain, mga produktong tulad ng gamot sa ubo, bentilador, *cell phone*, at iba pa, na gawa ng mga *advertisers* na nagbabayad ng milyon sa *Eat Bulaga* upang ipagbili ang kani-kanilang mga produkto na inilalako upang pagtubuan.

### **Isang Pagbabalik-tanaw: Ang AIDub Bilang Produktong Materyal**

Sa pagbabalik-tanaw, tinangka ng papel na hindi lamang ipaliwanag kundi idiin, nang walang gatol, ang ugnayang nagbubuklod sa partikular na programang AIDub at ang mga iba pang anyo sa panitikan at kulturang



popular. Ang sanaysay ko tugkol sa AIDub na nalathala sa *Rappler* nuong Oktubre 31, 2015 ay tugon ko sa panlalait at pag-alipusta sa programa dahil daw sa “kababawan” at kawalan ng halaga ng AIDub. Isang malaking kalokohan ang maghusga, na karaniwang ginagawa ng mga edukado daw at mayayamang wala namang alam sa pinagsasabi nila, at manlait sapagkat tinatangkilik ang AIDub ng milyun-milyong Pilipino, nakapag-aral man o hindi, mayaman o mahirap, dahil sa maraming dahilan. Sinikap kong isa-isahin ang mga dahilang ito, mula sa akademikong pananaw.

Hindi maaaring basta na lang ibasura ang ganitong aspekto ng kulturang popular sapagkat hindi makatwiran ang batayan ng negatibong paghuhusga. Ngayong naipakita ko na ang posibleng mga impluensiya ng ilang tradisyon mula sa panitikan at kulturang popular na nagsama-sama sa paglikha at patuloy na paglikha sa programa, inasahan kong mayroon na kayong konteksto sa pagpapaliwanag sa mga penomenon ng popularidad ng mga *love teams*, sa patuloy na panonood sa mga teleserye, sa mataas na sirkulasyon ng mga magasin at tabloid tungkol sa mga artista.

Bagamat hindi natin gaanong pinag-isipan, bahagi tayo ng dahilan sa pamamayagpag ng produktong komersiyal na nangangahulugan ng milyun-milyong tubo ng mga kapitalista. Tayo ang bumibili ng mga produktong ibinibigay sa mga suwerteng *contestant*—ang gamot sa ubo, ang *shampoo*, ang *soft drinks*, ang *biscuit*, ang *electric fan*, ang *phone card*, at marami pang tinda. Hindi dapat kalimutan na ang programa ay isang malaking operasyong pinagtutubuan ng Tape Inc. at ng mga kapitalista sa ating bansa. Hindi natin dapat kalimutan na mahalagang layunin ng programang tulad nito ay ang palakihin ang kita ng mga kapitalista sapagkat hanggang mataas ang *rating* ng programa, tiyak na dadami ang bilang ng mga *sponsor* nito. Kung kaya’t kailangang ipagpatuloy ng *staff* na maghabi pa ng mga kuwento at magpasikat pa ng mga artista na kababaliwan ng milyun-milyong Pilipino habang ang mga artistang ito ay nagkakamal din ng milyun-milyon hindi dahil sa galing sa pag-arte kundi dahil nakasali sila sa isang magaling na pormula ng palabas.

### **Ang AIDub at ang Panitikan: Ilang Implikasyon sa Pagsulat**

May direktso ba at tahasang ugnayan ang programang AIDub at ang pagsulat ng panitikan? Wala akong nais na tukuyin na ganitong ugnayan sapagkat hindi wasto ang maglatag ng bunga at epektong koneksyon (*cause*

*and effect relationship*) sa dalawang anyo—isang palabas na pinanonood at mga akdang binabasa.

Sa kasalukuyan, walang gaanong mapaglalabasang magasin at dyurnal ang malikhaing mga nobela, kuwento at tula. Gayon pa man, patuloy ang pagsusulat ng kabataang manunulat ng kani-kanilang akda na isinasali nila sa mga likhaan sa UP, sa Palanca Awards, at ilan pang mga lathalain. Naging bahagi na ako ng mga komite ng hurado sa Palanca Awards, Surian ng Wikang Pambansa, Komisyon sa Wikang Filipino, sa Unibersidad ng Pilipinas, sa Pamantasang Ateneo de Manila, at Pamantasang De La Salle at iba pa, na sumuri sa maraming uri ng akda.

Masasabi ko na patuloy ang paglikha ng mga kuwento at nobela, at sanaysay sa Filipino at Ingles, na maipagmamalaki sapagkat mahusay ang pagkakasulat, malinaw na nahabi ang tema at tauhan, at sa maraming pagkakataon, inilabas ng mga akda ang tradisyon ng protesta na malaon nang mahalagang bahagi ng ating panitikan. Maraming nobela ang tumukoy sa iba't ibang uri ng karahasan sa bansa—sa mga pinsala sa minahan, sa mga trahedyang dulot ng baha at lindol, sa pagpapahirap sa mga magsasaka at mangingisda; ilan ang gumamit ng mga teknik ng *science fiction*, at ilan pa rin (lalo na yung isinumite sa patimpalak sa UP) na sumuyod sa mga karanasan ng mga Muslim bago at pagdating ng mga Kastila.

Ang problema, hindi nailathala ang ganitong mga akda, puwera na lang kung kukunin ang mga ito ng mga *publishers* at ilalabas bilang bahagi ng kanilang serye sa panitikan. Nailathala na ang *Ilustrado* ni Miguel Syjuco. Inilabas na rin ang nobela ni Eros Atalia, *Tatlong Araw, Tatlong Gabi* (2013) na nagwagi sa Palanca Awards. May iba ring nobelang inilabas ng Anvil Publishing tulad ng *Sweet Haven* (2015) ni Lakambini Sitoy, at UST Publishing House katulad ng *Super Panalo Sounds!* ni Lourd de Veyra.

Nangunguna ang Visprint sa paglalathala ng mga nobela ng kabataang manunulat told nina Bob Ong, Joselito delos Reyes, at Bebang Siy. Ilan sa iba pang manunulat sina Edgar Samar, Christine Bellen, Alvin Yapan at ilan pa. Sa mga akda nila ang ilan ay naisalin sa pelikula, tulad ng *Ligo na U, Lapit na Me* ni Eros Atalia, *Lumayo Ka Nga Sa Akin* at *ABNKKBSNPLAKo* ni Bob Ong. Patunay na nanatiling buhay ang panitikan, hindi na nga lamang ang panitikang sumikat sa panahon nina Macario Pineda o Lazaro Francisco, o Liwayway Arceo, ilang dekada pagkalipas ng digmaan.

Upang magpatuloy ang pagsulat ng akdang bubunuin ng mga kabataan, kailangang mahuli ng mga nobelista ang galaw, himig, kulay, at kilos ng kasaluyang henerasyon—ang kanilang mga interes, mga pangarap, mag kuwentong pinaikot sa mga kabatan—sa mga karanasan ng mag-aaral sa *high school* o sa kolehiyo at ang mga krisis sa buhay nila sa *ABNKKBSNPLAKo* ni Bob Ong, o ang *It's Not That Complicated* ni Eros Atalia, sa pag-iibigan ng mga estudyante at isyu ng seksuwalidad sa *Ligo Na U, Lapit na Me* ni Eros Atalia, at sa karanasan ng isang batang mamamahayag at ang mga nagbabagang isyu sa bansa sa *Tatlong Araw, Tatlong Gabi* ni Eros Atalia—militarisasyon, ang trahedya ng pagmimina, at iba pa, o sa buhay ng ilang kabataang miyembro ng isang rock band sa *Super Panalo Sounds!* ni Lourd de Veyra.

At sa kanilang pagsulat, gumagamit ang kabataang nobelista ng mga teknik galing sa makabagong panhon—kuwento na mala-dokumentaryo, maiikling kabanata at talata, maiikling mga pananalita, mabilis na pagpapalit-palit ng eksena. Gumagamit din sila ng mga tauhang pamilyar sa kabataan, at higit sa lahat, isang estilo sa paggamit ng Filipino na malutong, hindi masalimuot, kolokyal, madaling maintindihan, puno ng Taglish, *swardspeak* o ng jejemon, o kung ano man ang bagong kinalalokohan ng mga kabataan. Higit sa lahat, kapansin-pansin ang paggamit ng pagpapatawa na kung minsan ay nababahiran ng ironia at waring kawalan ng kaseryosohan.

Nakita na ang naturang mga sangkap na sa naunang henerasyon ng manunulat na kinabibilangan nina Lualhati Bautista, Fanny Garcia, Lilia Quindoza, Ricky Lee, Jun Cruz Reyes, Tomas Agulto, at ilan pang patuloy na nagusulat sa kasalukuyang panahon.

May isang penomenon na nagaganap sa panitikan at kulturang popular—ito ang paglitaw ng henerasyon ng manunulat, direktor sa telebisyon at sa pelikula (lalo na ng *indie films*) na karaniwang may mga degree mula sa unibersidad, nahasa sa pagsulat kundi man sa klase nila ay sa tulong ng higit na kilalang manunulat tulad nina Ricky Lee o Jun Cruz Reyes, nakakaalam ng mga makabagong paraan ng pagsulat o pagkatha, nakakabatid ng mga pangangailangang ibagay ang pagsulat sa teknolohiya ng pelikula, o telebisyon, at sa panitikan, mga akdang kakagatin ng publiko na karamihan ay mag-aaral.

Sa madaling salita, sa sabayang pagtutok natin ng pansin sa AlDub sa telebisyon at sa mga kaganapan sa panitikan at kulturang popular, makikita

natin na ang paglikha at pagkonsumo ng kahit na ano pang uri ng akda ay bumubuo ng isang higitang tanikala. Na ang lipunan ay kasama ang kultura; ang manunulat, ang kanyang akda; at ang publiko na nagbabasa o nanonood, ng akda. Ito ang mga kawing ng tanikalang ating mapag-aaralan upang ating mabatid kung ano-ano ang proseso sa paglikha ng kahulugan na may kabuluhan sa ating buhay bilang Pilipino sa ika-21 siglo.

### **Mga Sanggunian**

- “Lea Salonga clarifies ‘kababawan’ tweet not about AIDub after fan outrage.” *Rappler.com*, 27 Set. 2015, [www.rappler.com/entertainment/news/107228-lea-salonga-answers-criticism-tweets-aldub](http://www.rappler.com/entertainment/news/107228-lea-salonga-answers-criticism-tweets-aldub). Inakses noong 15 Abr. 2016.
- “Paano nga ba nagsimula ang aldub?” *GMANetwork.com*, 13 Ago. 2015, [www.gmanetwork.com/news/story/532777/showbiz/chikamminute/paano-nga-ba-nagsimula-ang-aldub](http://www.gmanetwork.com/news/story/532777/showbiz/chikamminute/paano-nga-ba-nagsimula-ang-aldub). Inakses noong 10 Abr. 2016.
- Chen, Heather. “AIDub’: A social media phenomenon about love and lip-synching.” *BBC*, 28 Okt. 2015, [www.bbc.com/news/world-asia-34645078](http://www.bbc.com/news/world-asia-34645078). Inakses noong 11 Abr. 2016.
- David, Randy. “Dubsmash and Its Uses.” *Inquirer.net*, 23 Ago. 2015, [opinion.inquirer.net/87842/dubsmash-and-its-uses](http://opinion.inquirer.net/87842/dubsmash-and-its-uses).
- De Castro, Modesto. *Urbana at Felisa: Aklat na Katutunan ng mga Gintong Aral*. Aklatang Martinez, 1938.
- Del Mundo, Clodualdo Jr., patnugot. *Philippine Mass Media: A Book of Readings*. Communication Foundation for Asia, 1986.
- Hall, Stuart, Dorothy Hobson, Andrew Lowe, at Paul Willis, mga patnugot. *Culture, Media, Language: Working Papers in Cultural Studies, 1972-79*. Hutchinson, 1980.
- Guerrero, Rafael Ma., patnugot. *Readings in Philippine Cinema. Experimental Cinema of the Philippines*, 1983.
- Lo, Ricky. “Aldub fans hit Lea Salonga over ‘kababawan’ tweet.” *Philstar.com*, 27 Set. 2015, [www.philstar.com/entertainment/2015/09/27/1504554/aldub-fans-hit-lea-salonga-over-kababawan-tweet](http://www.philstar.com/entertainment/2015/09/27/1504554/aldub-fans-hit-lea-salonga-over-kababawan-tweet). Inakses noong 15 Abr. 2016.

- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry, 1570-1898: Tradition and Influences in Its Development*. Ateneo de Manila U P, 1986.
- Marcelino, Ramon, patnugot. *A History of Komiks in the Philippines and Other Countries*. Islas Filipinas Publishing, 1985.
- Reyes, Soledad S. *Ang Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyong at Modernismo*. Ateneo de Manila U P, 1982.
- , patnugot. *Lina Flor, Collected Works*. Anvil Publishing, 2000.
- . "Stumbling upon a magic formula." *Rappler.com*, 31 Okt. 2015, [www.rappler.com/thought/leader/111175=part1-aldub-magic-formula](http://www.rappler.com/thought/leader/111175=part1-aldub-magic-formula).
- . "The AlDub experience, millions captivated." *Rappler.com*, 31 Okt. 2015, [www.rappler.com/thought-leader/111198-part2-millions-captivated](http://www.rappler.com/thought-leader/111198-part2-millions-captivated).
- Sabornedo, Lyza R. "10 Reasons Why Filipinos Love AlDub." *FAQ.ph*, 4 Set. 2015, [faq.ph/10-reasons-why-many-filipinos-love-aldub](http://faq.ph/10-reasons-why-many-filipinos-love-aldub). Inakses noong 11 Abr. 2016.
- San Diego, Bayani. "Split-screen TV fairy tale 'AlDub' hit in old, new media." *Inquirer.net*, 16 Agos. 2015, [entertainment.inquirer.net/176591/split-screen-tv-fairy-tale-aldub-hit-in-old-new-media](http://entertainment.inquirer.net/176591/split-screen-tv-fairy-tale-aldub-hit-in-old-new-media). Inakses noong 10 Abr. 2016.
- Tiongson, Nicanor G. *Sinakulo at Iba Pang Dulang Pangrelihiyon sa Malolos*. Ateneo de Manila U P, 1975.
- . *Kasaysayan ng Komedyang sa Pilipinas*. Integrated Research Center, De La Salle University, 1982.
- Tolentino, Rolando, at Gary Devilles, mga patnugot. *Kritikal na Espasyo sa Kulturang Popular*. Ateneo de Manila U P, 2015.
- Tomada, Nathalie. "What's in store for AlDub outside Kalyeserye?" *Philstar.com*, 9 Ene. 2016, [www.philstar.com/entertainment/2016/01/09/1540579/whats-store-aldub-outside-kalyeserye](http://www.philstar.com/entertainment/2016/01/09/1540579/whats-store-aldub-outside-kalyeserye). Inakses noong 20 Abr. 2016.